Social Security

# Ikaw Ay Baka Maaaring Makatanggap Ng Supplemental Security Income (SSI)

2008

www.socialsecurity.gov

# Ikaw Ay Baka Maaaring Makatanggap Ng Supplemental Security Income (SSI)

## Ano ang SSI?

Ang SSI, o Supplemental Security Income, ay programa ng pamahalaang federal na nagbi-bigay ng mga perang kabayaran bawat buwan sa mga taong limitado ang kita o kaunti lang ang halaga ng kanilang mga ari-arian. Ang SSI ay para sa nakatatandang tao at para rin sa bulag o sa mga taong may kapansanan ano man ang edad niya, kabilang na dito ang mga bata.

Sa pag-tanggap ng SSI, kailangang ikaw ay:

- 65 taong gulang o mas matanda pa rito; o
- lubusan o bahagya lamang ang pag-kabulag; o
- May pagga-gamutang kalagayan na humahadlang sa iyo para makapag-trabaho at ito ay inaasahang tatagal ng mahigit kumulang sa isang taon o ito ay magiging resulta ng kamatayan. Naiiba ang patakaran para sa kabataan. Para sa karagdagang impormasyon, hingin ang kopya ng, *Mga Benepisyo Para Sa Batang May-kapansanan* (Publikasyon No. 05-10026-TL).

## Magkano ang makukuha mo?

Ang batayang buwanang kabayaran sa SSI para sa 2007 ay magka-kapareho sa buong bansa. Ito ay:

—$637 para sa nag-iisang tao; o

—$956 para sa mag-asawa.

Hindi lahat ng tao ay nakatatanggap ng magka-parehong halaga. Ikaw ay maaaring

makatanggap ng mas malaking halaga kung ikaw ay nakatira sa isang state na nagda-dagdag ng pera sa federal na kabayan ng SSI. O maaaring makatanggap ka ng mas kaunting halaga kung ikaw o ang iyong pamilya ay may iba pang kinikita. Kung saan at kung kanino ka nakatira ang magtatakda kung ikaw ay maging-marapat para sa SSI at makagagawa ng malaking kaibahan sa halaga ng iyong kabayaran sa SSI.

## Papaano ka magiging marapat-dapat para sa SSI?

### Ang kinita mo

Ang kita mo ay kabilang ng perang iyong kinita, ang iyong benepisiyo sa Social Security, ang mga pension mo at ang halaga ng mga bagay na natatanggap mo galing sa ibang tao, tulad ng pagkain, damit at tirahan.

Kung saan ka nakatira ay may bisa sa halagang dapat mong makamit bawat buwan at maaari ka pa ring makakuha ng SSI. Ang bawat state ay may ibat-ibang patakaran.

### Mga bagay na pag-aari mo

Ikaw ay maaaring makatanggap ng SSI kung ang iyong mga pera at ari-arian (mga pag-aari mo) ay nagkakahalaga ng hindi humihigit kumulang sa $2,000 para sa nagiisa o $3,000 para sa mag-asawa. Hindi namin ibinibilang ang lahat ng iyong mga pag-aari kapag kami ay nagpa-pasiya kung ikaw ay makakakuha

ng SSI. Halimbawa, hindi namin ibinibilang ang iyong bahay, at karaniwang hindi rin ibinibilang ang iyong sasakyan. Ang kasama sa bilangan ay ang pera mo, mga kwenta sa bangko, stocks at bonds.

## Kailangang ikaw ay naninirahan sa Estados Unidos

Ikaw ay kinakailangang nakatira sa Estados Unidos o sa Northern Mariana Islands upang makakuha ng SSI. Kung ikaw ay hindi mamamayan ng Estados Unidos, ngunit ikaw ay may legal na pahintulot, maaari ka pa ring makakuha ng SSI. Para sa karagdagang impormasyon, hingin ang kopya ng *Supplemental Security Income (SSI) Para Sa Mga Hindi Mamamayan* (Publikasyon No. 05-11051-TL).

## Mga Iba Pang Benepisiyo

Sa pag-kuha ng SSI, kinakailangan ka pa rin na mag-hain para sa mga iba pang perang benepisiyo na  maari kang makatanggap. Kung ikaw ay tumatanggap ng SSI, ikaw ay karaniwan ring makakatanggap ng food stamps at Medicaid. Ang Medicaid ay tumutulong sa pag-bayad ng mga utang sa doktor at ng ospital, at ang food stamps ay tumutulong naman sa pagbabayad para sa pagkain.



(kabila)

## Paano ang pag-hain mo para sa SSI?

Makipag-bigay alam sa aming local na tanggapan ng iyong Social Security upang iku-kuha ka namin ng tipanan para sa pag-hain ng SSI.

## Pagkontak sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang kopya ng aming mga publikasyon, bisitahin ang aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot namin ang detalyadong katanungan magmula sa oras na alas-7 ng umaga hanggang sa alas 7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

Kung kailangan mo ng tagapagsalin sa pag-aasikaso ng iyong gawain sa Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito na libre. Ang mga serbisyo ng tagapagsalin ay makukuha kapag kina-usap mo kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang wika mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang tagapagsalin ng Tagalog ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang gawain mo sa telepono, ikukuha ka namin ng tipanan para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may tagapagsalin ngTagalog doon sa oras ng iyong pag-bisita o pagtawag.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na makatatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-11069-TL
You May Be Able To Get Supplemental Security Income (Tagalog)
January 2008